Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2022 SA GANAP NA IKA-09:48 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME R. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 40 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HINIHILING SA KGG. PUNUMBAYAN ROLANDO G. UBATAY NA MATULUNGAN ANG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG MARACTA NA MALAGYAN NG TAKIP ANG DRAINAGE CANAL SA BAHAGI NG DAANG RIZAL**

Akda ni: **Kgg. Mark Anthony L. Lagrosa**

**SAPAGKAT,** kapansin-pansin na sa pagsasa-ayos ng Daang Rizal sa Barangay Maracta, ay walang takip ang drainage canal;

**SAPAGKAT,** lubhang mapanganib hindi lang sa mga bata maging sa mga residente ng barangay ang walang takip na drainage canal;

**SAPAGKAT,** kung bukas ang daluyan ng tubig ito ay maaaring pamahayan ng mga lamok na maaaring magdulot ng sakit na dengue;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **Kgg. Mark Anthony L. Lagrosa** na pinangalawahan ni Kgg. Ma. Roma R. Tablico, Kgg. Modesto B. Abadier, Kgg. Donnie L. De Venecia at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Kgg. Punumbayan Rolando G. Ubatay na matulungan ang Kgg. Sangguniang Barangay ng Maracta na malagyan ng takip ang drainage canal sa bahagi ng Daang Rizal.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-01 ng Agosto, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt080122res40*